KAPASIYAHAN BLG. 2026-27

"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 03, H-2025 NG BARANGAY NG POBLACION, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG LABING TATLONG MILYON, WALONG DAAN PITUMPU'T ISANG LIBO, ISANG DAAN AT APATNAPU'T APAT NA PISO (₱13,871,144.00)."

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo
Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

---

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng ₱13,871,144.00;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Poblacion at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kautusan ng Barangay Poblacion, ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 03, H-2025 ng Barangay Poblacion, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Labing Tatlo Milyon, Walong Daan Pitumpu't Isang Libo, Isang Daan at Apatnapu't Apat Piso (₱13,871.144.80).

PINAGTIBAY, ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni

Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni

Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni

Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni

Leo T. Santos
Kasangguni

Melvin H. Melencio
Kasangguni

John Erick L. Perez
Kasangguni

Engr. Glicerria M. Perez
Kasangguni

Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim